



DRAFT

Merbau Corporation
EIS for the 2x150MW Coal Fired Power Plant in Batangas
EIS Summary for the Public (ESP) in Filipino

June 2017

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

WATER | ENERGY & RESOURCES | ENVIRONMENT | PROPERTY & BUILDINGS | TRANSPORTATION

Table of contents

1.	Buod ng EIS para sa Publiko (EIS Summary for the Public [ESP])	1
1.1	Paglalarawan ng proyekto	1
1.2	Project Proponent	6
1.3	Tinatanyagang iskedyul ng proyekto	6
1.4	Buod ng natukoy na mga posibleng panganib sa kalikasan at kapaligiran	6
1.5	Mga natukoy na stakeholder o parokyano.....	16
1.6	Garantiya at kakayahan ng Merbau Corp upang ipatupad ang mga kinakailangang hakbang upang maiwasan ang mga negatibong epekto ng proyekto (Project proponent 's commitment and capability to implement necessary measures to prevent adverse impacts)	16
1.7	Impormasyon sa kung saan maaring makakuha ng kopya ng EIS para sa karagdagang impormasyon	17

Table index

Table 1	Mga bahagi ng proyekto at ang kanilang mga kapasidad	1
Table 2	Mga alternatibong pagkukunan ng fuel na isaalang-alang para sa panukalang pangangailangan ng enerhiya	4
Table 3	Buod ng mga napag-aralang posibleng epekto ng proyekto at mga katumbas na pamamaraan para maiwasan, mapagaan o mapahusay ang mga ito	7

1. Buod ng EIS para sa Publiko (EIS Summary for the Public [ESP])

1.1 Paglalarawan ng proyekto

1.1.1 Project type

Ang 2x150MW Coal fired power plant ay isang panuklang proyekto na itatayo sa Barangay Pinamucan Ibaba, Batangas City. Ang pangkalahatang mga bahagi (component) ng ang panukalang proyekto ay gagamit ng teknolohiyang kilala sa tawag na circulating fluidized bed combustion (CBFC). Ang planta ay magiging pangunahing pagkukunan ng kuryente (base load) at paminsan minsan ay gagamitin para sa load cycling ng kasalukuyang operation ng Merbau Corporation.

Ang proyekto ay planong ipatupad sa dalawang yugto at inaasahang magkakaroon ng kabuuang kapasidad na 300 MW sa hinaharap. Ang panukalang proyekto ay nilalayon na palitan ang ginagamit sa kasalukuyan na diesel power station na sumusuporta sa planta ng petrochemical at naptha craker ng Merbau Corp sa Barangay Simlong, Batangas City. Ang iminungmungkahing proyekto ay inaasahan din na tumugon sa lumalaking pangangailangan ng kuryente ng umiiral na mga planta at iba pang karagdagang operasyon sa hinaharap. Ang panukalang coal fired power plant ay magbibigay ng kuryente sa mga umiiral na mga pasilidad ng Merbau Corp at nagnanais na kalaunan ay magsupply ng sobrang kuryente sa Luzon Grid.

1.1.2 Mga Bahagi ng proyekto at ang kanilang mga kapasidad

Table 1 Mga bahagi ng proyekto at ang kanilang mga kapasidad


Bahagi	Kapasidad	Remarks
Power plant	300 MW (gross)	Ang proyekto ay magkakaroon ng dalawang tig 150MW na unit. Ang kapasidad ng proyekto ay maari pang palawakin sa hinaharap, ngunit ang EIS na ito ay tumutugon lamang sa maximum na 300MW na kapasidad.
Stack	150 m (taas)	Isang stack para sa 2x150MW units at ito ay magkakaroon ng Electrostatic Precipitators
Water supply system for processing water	230 tonelada kada oras para sa isang unit ng 150 MW (o tinatayang 460 tonelada kada oras para sa dalawang units ng 150 MW)	Ang supply ng tubig ay magmumula sa desalination plant. Bahagi nito ay ang storage tanks at distribution pumps, tubo (pipelines) para sa ibat ibang gamit ng tubig katulad ng raw, de-mineralised, tubig na maaring inumin, at service water.
Water supply system for drinking and domestic purpose	15 metro cubico kada oras (m3/hr)	Ang supply ng tubig na maaring inumin ay magmumula sa umiiral na mga balon ng tubig sa loob ng Merbau Corp complex. Ito rin ay magkakaroon ng iba't ibang bahagi katulad ng storage tanks, distribution pumps, tubo (pipelines) para sa ibat ibang klase at gamit ng tubig katulad ng raw, de-mineralised, tubig na maaring inumin, at service water.
Switchyard	230 kV switchyard	Ang switchyard ay para sa pagsupply ng kuryente sa kasalukuyang operasyon ng Merbau Corp, ngunit ang switchyard na ito ay

Bahagi	Kapasidad	Remarks
		sumasaalang alang din sa posibilidad ng pagsusupply ng kuryente sa national grid.
Fuel oil system	500 m ³	Gagamitin ang bahagi na ito para sa start-up at bilang isang back-up para sa mga boilers, ngunit din para sa mga emergency diesel generator at mga sasakyan, atbp. Ang gasolinang gagamitin para dito ay maaring light fuel oil o Bunker C gasolina
Jetty	50,000-80,000 DWT	Ang jetty ay magkakaroon ng coal unloading and conveyance systems.
Coal handling system	40,000 tons/week	Ito ang systema kung saan ang coal at idadaan mula sa pagdating (sa pier) hanggang sa boiler. Ito ay mayroong unloading, conveyance, transfers, and dust collection systems.
Coal storage area	123,700 tpm	Ito ay nakabatay sa kinakailangang coal na maaring iimbak ng isang buwan para sa 2x150 MW
Ash handling system	Truck capacity (to be determined)	Ang bottom ash ay iimbak pansamantala sa isang ash bunker at ito ay dadalhin ng truck sa ash pond. Ang fly ash ay iimbak din sa katulad na pamamaraan ng pag iimbak ng bottom ash at ito ay dadalhin sa ash pond o ibebenta sa pasilidad na kailangan gumamit nito.
Ashpond	10 ektarya	Ang bahagi na ito ay tinatayang sasapat para sa ash na iimbak sa loob ng unang 25 taon ng operasyon (phased development approach).
Wastewater treatment	880 tonne per hour 880 tonelada kada oras	Ang wastewater treatment system ay may bahaging oil-water separator, chemical treatment, and sanitary treatment facilities.
Buffer zone	To be confirmed after quantitative risk assessment and HAZOP study	Magkakaroon ng pagaaral na quantitative risk assessment (QRA) at hazard and operability plan (HAZOP) kapag natapos na ang final na disenyo ng planta at ang mga bahagi nito bago pa man din ito simulang gawin (construction). Sa pag aaral na ito ay tutukuyin ang mga hangganan ng mga lugar upang maging buffer zone sa panahon ng operasyon.

1.1.3 Proseso / technology

Ang pangkalahatang bahagi ng panukalang 2 x 150 MW coal-fired power plant ay gagamit ng CBFC. Ang CFBC ay teknolohiya na mas may mahusay na paggamit ng coal para sa paglikha ng kuryente. Kung ihahambing sa tradisyonal na plantang gumagamit ng coal (halimbawa ay pulverized coal-fired boiler), ang CFBC ay nagreresulta sa mas mababang NOx and SOx (sangkap ng hanging na maaring makasama sa kalusugan at kapaligiran).

Sa paglikha ng kuryente, ang panukalang proyekto ay lilikha ng bottom ash at fly ash. Ang bottom ash ay abo na may malalaki at buo buong sangkap na ihahalo sa iba pang sangkap sa hurno. Ang fly ash ay ang uri ng abo na mas pino at madadala ng flue gas patungo sa electrostatic precipitator kung san ito ay kinokolekta. Kasama sa kinokolekta ang limestone na may sangkap na sulphur (ang limestone ay ginagamit bilang absorbing material kung saan ang sangkap na sulphur ng coal ay maaring dumikit).



Source: <https://www.slideshare.net/npchyd/cfbc-boiler-vs-pulverized-fired-boiler>

1.1.4 Resource utilisation at mga alternatibong minungkahi para sa proyekto

- Ang araw-araw na pagkonsumo ng coal ay inaasahang hindi hihigit sa 4,432 tonelada kada araw.
- Ang kabuuang pang araw-araw na pangangailangan ng tubig sa planta ay tinatayang sa 800 m^3 / araw o 33 m^3 / hr. Kung saan ito ay magmumula sa tubig dagat. Ang tubig dagat ay dadaan sa isang desalination plant kung saan ang sangkap na nagpapaalat sa tubig ay tatanggalin hangang ang tubig ay maging angkop sa kalidad na kinakailangan ng panukalang planta.

Site alternatives (lugar na minungkahi para sa proyekto)

Ginagawa ang isang pagaaral kung saan mainam ilagay ang panukalang planta. Dalawang lugar ang tinutukoy na maaring maging lokasyon ng planta:

- RLC –16 ektaryang lupa sa timong ng kasalukuyang petrochemical plant
- Magellan – kasalukuyang pinapanukalang lokasyon

Sa batayan na ang panukalang coal fired power plant ay dapat malapit sa kasalukuyang operation, ang dalawang nabangit na lugar ay pinagpilian.

Mula sa pananaw ng malapit, maayos na strukturang geoteknikal at kahandaan ng mapapagkukunan ng tubig, ang RLC at Magellan ay pumasa sa lahat ng batayan. Gayunman, ang RLC site ay may sukat na hindi sasapat para sa panukalang power plant. Ito rin ay magdudulot ng paglilipat ng malaking bilang ng kabahayan.

Dahil dito ang Magellan ay napiling maging lokasyon ng proyekto dahil ito ay may sapat na sukat at upang maiwasan ang malaking relokasyon ng mga nakatira sa RLC.

Para sa pinal na lokasyon ng planta (project siting), ang mga sumusunod ay ginamit na batayan:

- Lupain na maaring upuhan o bilhin
- Konsumo ng enerhiya
- Tamang pag pwesto ng planta at mga bahagi nito
- Lapit ng kabahayan
- Epekto ng proyekto sa kapaligiran

Bukod sa iba pa, isa sa mga pangunahing dahilan ng pagpapasya ng Merbau Corp ay ang pangangailangan bilhin ang bahagi ng lupain ng mga Soriano at ilipat ang mga residente nito, upang maiwasan ang maaring masamang epekto ng proyekto sa kapaligiran at kalusugan ng mga residente. Ito ang naging pinal na pwesto (layout) ng planta at naging batayan ng pag-aaral na nakasaad sa EIS na ito. Ang kabuuang laki ng lupa kung san ilalagay ang proyekto ay 17 ektarya para sa mga pangunahing bahagi (utility block, coal handling and storage facilities, administration units) at 10 ektarya pa sa ash pond.

Alternatibong pagkukunan ng fuel

Ang buod ng mga pangunahing pagsasaalang-alang para sa pagsulong ng proyekto ay tatalakayin sa mga susunod na bahagi ng ulat na ito. Makikita sa Table 2 ang mga alternatibong pagkukunan ng fuel at ang mga pagsasaalang-alang upang ang mga ito ay maging tukoy sa lokasyon at may kalapitan sa pagpapalawak ng pag-unlad ng Merbau Corp.

Ang paggamit ng coal bilang pangunahing pagkukunan ng fuel ang lumabas bilang pinakaposibleng opsyon base dahil sa maasahan supply nito upang matugunan ang mga kinakailangang enerhiya ng Merbau Corp.

Table 2 Mga alternatibong pagkukunan ng fuel na isaalang-alang para sa panukalang pangangailangan ng enerhiya

Pinagkukunan ng enerhiya	Mga pagsasaalang-alang	(pagiging possible)	
		Hindi	Oo
Wind power (Hangin)	Ang iminungkahing lokasyon ng power plant ay walang sapat na mapagkukunan ng hangin.	X	
(Tubig)	Ang pangunahing ilog (Pinamucan River) ay hindi nakapagbibigay ng tuloy-tuloy na daloy kung kaya't hindi ito angkop na gamitin sa power generation, bilang run-of-river man o impounding hydropower facility.	X	
(Araw)	Ang kinakailangang lugar na 2 ha kada megawatt ay masyadong malaki para maipaloob sa ipinapanukalang lokasyon ng power plant o kahit sa mga kalapit nitong lugar	X	
	Dahil sa kondisyong geological ng bansa, seryosong pinagaaralan ang ating kahandaan sa pagpatupad ng isang nuclear power plant kung saan ito ay dapat na sumasaalang alang sa kaligtasan ng mamamayan. Ang lugar na tinutukoy para sa pagkukunan ng enerhiya ng Merbau Corp ay hindi naangkop sa nuclear power plant.	X	
	Ilan lamang ang lugar sa bansa na tukoy para sa pagpapatayo ng geothermal plant. Ito ay naayon	X	

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

Pinagkukunan ng enerhiya	Mga pagsasaalang-alang	(pagiging possible)	
	lamang sa lugar kung saan may geothermal resource. Wala pang geothermal field na malapit sa lokasyon ng proyekto upang gawin itong naaangkop para dito.		
Non-renewable energy sources			
Natural Gas	Walang sapat na supply ng liquified natural gas o LNG sa mga lugar na malapit sa proyekto. Ang supply sa kasalukuyan ay hindi tutugon sa pangangailangan ng Merbau Corp.	X	
	Ang kasalukuyang diesel power plant ang siyang nagbibigay/ sumusuporta sa supply ng kuryente para sa petrochemical at naphthacracker plants na pagmamay-ari at pinapatakbo ng Merbau Corp at ng kanyang mga subsidiaries. Ang presyo ng diesel at pagkakaroon ng maasahang supply nito ang mga naging pangunahing hamon ng Mebau Corp. sa pagpapatakbo ng naturang 75 MW diesel power plant. Ito ang mga kadahilanan kung bakit masasabing kailangang magsiyasat ng mga alternatibong pagkukunan ng gasoline/diesel na siyang magbibigay ng tuloy-tuloy na supply ng kuryente para sa operasyon ng kanilang mga pinapatakbong pasilidad.	X	
	Ang tuloy-tuloy at tamang dami ng supply ng coal ay napatunayang maaasahan upang suportahan ang operasyon ng isang power plant at ang mga pangangailangan sa kuryente ng mga pasilidad sa loob ng JG summit complex. Dagdag pa rito, ang mababang gastos at mataas na efficiency ng coal ang mga kadahilanan upang ito'y ituring na pinakaangkop na pagkukunan ng fuel para sa mga umiiral na planta ng Merbau Corp.		✓

Pagpili ng teknolohiya

Gamit ang coal bilang fuel of choice at sa pagsaaalang-alang sa mga pinakabagong combustion technology na mayroong angkop na pollution control installations, nagpasya ang Merbau Corp na gamitin ang circulating fluidised bed combustion technology higit kaysa conventional pulverised coal boilers.

Ilan sa mga pakinabang ng CFBC ay ang mga sumusunod:

- Ang kakayahan na magsunog ng iba't-ibang uri ng fuel dahil sa mataas na heat capacity
- Ang kakayahan na magamit ang piling uri ng basura tulad ng biomass at solid waste, na siyang nagtataguyod sa ligtas na pagtatapon at binabawasan ang pagpapalabas ng CO2 sa kapaligiran
- Mahusay at mabisang reaksyon at pagkasunog ng coal na nagreresulta sa mababang emisyon o paglabas ng CO at hidrokarbon dahil sa malakas na paghalo at matagal na pananatili nito sa circulating bed
- Mababang emisyon ng SO2 dahil sa angkop na temperatura para sa sulphur retention gamit ang limestone
- Mababang emisyon ng NOX dahil sa mababang bed temperature at staged combustion
- Matatag na operating conditions at boiler response dahil sa mataas na heat transfer mula sa mga circulating materials

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

- Magandang turndown rates (ratio between maximum and minimum flow) dahil sa heat transfer na tinatayang proporsyonal sa load
- Mas kaunting mga fuel feed points dahil sa mas mahusay na paghahalo sa hurno

1.2 Project Proponent

Ang Project proponent, ang Merbau Corporation (Merbau Corp), na may opisang matatagpuan sa 42 Floor Robinson Equitable Tower, ADB Avenue, Ortigas, ay isa sa mga nangungunang kumpanya sa Pilipinas sa larangan ng mga sumusunod na negosyo – air transportation, pagbabangko, food manufacturing, petrochemicals, real estate, hotels & property development and telecommunication.

1.3 Tinatanyang iskedyul ng proyekto

Ang plano ng mga gawain ay ipapatupad upang matiyak na ang mga disenyo, katha (fabrication), paghahatid, at konstruksyon ay isasagawa nang maayos na naaayon sa iskedyul at iba pang pangangailangan. Ang konstruksiyon ng planta na mag-uumpisa sa 2018 ay tatagal ng 33 hanggang 36 na buwan para sa unang yunit at karagdagang anim na buwan para sa ikalawang unit. Ang komersyal na operasyon ng planta ay inaasahan na magsisimula sa taong 2020.

1.4 Buod ng natukoy na mga posibleng panganib sa kalikasan at kapaligiran

Ang buod ng mga natukoy na posibleng epekto ng proyekto ay resulta ng pagaaral ng mga posibleng panganib sa kalikasan at kapaligiran () bilang bahagi ng pag-aaral ng EIA na may pananaw ng pagtukoy ng mga aktibidad kung may mataas o matinding panganib na kaugnay sa mga aktibidad ng proyekto. Ang mga iminumungkahing paraan para pagsasaayos ng di nakakabuting epekto ng proyekto at pagpapalakas ng mabuting epekto ay nakasaad din sa Table 3.

Table 3 Buod ng mga napag-aralang posibleng epekto ng proyekto at mga katumbas na pamamaraan para maiwasan, mapagaan o mapahusay ang mga ito

Yugto ng proyekto / Aspeto ng kapaligiran	Aspeto ng kapaligiran na maaring maapektuhan	Potensyal na epekto	Mga pagpipilian para sa pag-iwas o pagpapagaan o pagpapahusay ng epekto
PRE-CONSTRUCTION PHASE			
Pagbili ng lupa	Lupa / Tao	Ang mga kabahayan sa Sitio Soriano ay kailangang mai-ilipat at mabayaran ang kanilang lupa/arian	Ang isang Resettlement Action Plan ay binuo at ipapatupad para sa proyekto. Ang Merbau Corp ay nasa proseso ng pakikipagkasundo sa mga residente ng Sitio Soriano para sa pagbili ng lupa at paglipat sa ibang lugar. Nararapat na kabayaran ay ibibigay sa mga apektadong residente
CONSTRUCTION PHASE			
Lokasyon at disenyo ng proyekto	Lupa / Tubig	Ang lokasyon ng proyekto ay pasok sa mga susunod na "Environmentally Critical Areas": <ul style="list-style-type: none"> - Mga lugar na madalas magkaroon ng natural na kalamidad - Mga lugar na may mapanganib na dalisdis (slope) - Pagkakaroon ng mga anyong tubig 	Ang bahagi ng proyekto na nakaharap sa dagat at nilagyan ng mga supporta/tukod sa mga dalisdis (slope) at proteksyon laban sa sa mga daluyong na dulot ng bagyo. Ang mga lugar na may mapanganib na dalisdis ay patatatagin sa pamamagitan ng engineering at pagtatanim. Ipatatupad ang mga pollution control measures at waste management system upang maiwasan o mabawasan ang polusyon sa kalapit na anyong tubig
	Lupa	Pagbabago sa anyo ng lupa	Gagawin ang angkop na cut-and-fill at pagpatatag (grading) para mabawasan ang epekto sa anyo ng lupa
		geologic hazards	
		Alikabok na maaaring makaapekto sa mga halaman	Pag-iwas sa hindi kinakailangang pag-alis ng mga halaman. Pagkakaroon ng "buffer zones" (lugar na di direktang gagamitin or gagalawin ng proyekto). Magsasagawa ng imbentaryo ng mga puno at mag-aaplay ng "tree cutting permit" sa DENR.
		Banta sa pamumuhay or pagkawala ng mga mahahalagang uri ng hayop	Ang Merbau Corp ay susunod sa mga kondisyon sa "tree cutting permit". Ang Merbau Corp ay magbubuo ng plano para sa reforestation at ipapatupad ang

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

Yugto ng proyekto / Aspeto ng kapaligiran	Aspeto ng kapaligiran na maaring maapektuhan	Potensyal na epekto	Mga pagpipilian para sa pag-iwas o pagpapagaan o pagpapahusay ng epekto
			Ang Merbau Corp ay ipagpapatuloy ang mga umiiral na komitment sa rehabilitasyon ng mga bakawan, programa ng artipisyal na bahura at pamamahagi ng inpormasyon tungkol sa biodiversity sa dagat
Earthworks at pangkalahatan mag-aing konstruksiyon		Pagkawala ng tirahan ng mga buhay-ilang (wildlife)	<p>Ang pag-alis ng mga halaman ay magiging limitado sa itinalagang lugay ng konstruksiyon</p> <p>Ang paghuli ng ano mang uri ng buhay-ilang (wildlife) ay mahigpit na ipagbabawal sa lahat ng bahagi ng proyekto</p> <p>Ipatatupad ang pagtatanim sa lugar na may mangilang ngilang pananim (enrichment planting)</p> <p>Tataasan ang produksyon ng mga punla (seedlings) para sa nursery</p> <p>Ang Merbau Corp ay ipagpapatuloy ang mga komitment sa pagtatayo ng “mini forest” sa loob ng pook ng proyekto at “biodiversity center”, at magbibigay ng teknikal na tulong at pananaliksik tungkol sa edukasyon sa kapaligiran</p>
		Hadlang sa daanan/paggalaw ng mga hayop	<p>Kung saan posible, magtatag at magpanatili ng corridor o buffer zone sa lugar ng proyekto</p> <p>Ang Merbau Corp ay may magtatanim ng mga katutubong namumungang puno at iba pang halaman sa angkop na lugar.</p> <p>Ang Merbau Corp ay hindi magtatanim o magpapasok ng mga “exotic” at “invasive” na uri ng mga hayop at halaman</p>
		Banta sa kasaganaan ng mahalagang species	<p>Pagkakaroon ng “buffer zones”</p> <p>Pagpapadami ng mga natitirang tirahan ng mga hayop sa pamamagitan ng “enrichment planting” at “reforestation”</p>
	Tubig - kalidad ng tubig	Ang pagguho ng lupa ay maaaring magdulot ng pagtaas ng latak (sediments) sa mga anyong tubig	<p>Paglilagay ng mga silt traps at buffer zones na may mga pananim</p> <p>Ang tambak ng mga labi (debris) ng konstruksiyon at nahukay na lupa ay ilalagay sa lugar na malayo sa mga anyong tubig</p> <p>Ang mga nahukay na lupa ay gagamitin bilang backfill at pagtatayo ng mga dike</p>
	Tubig - kalidad ng tubig	Ang konstruksiyon ng daungan at inake/outfall ay magdudulot ng pagdami ng mga sedimento	Ang epektong ito ay panandalian lamang
	Tubig - kalidad ng tubig	langis at gasolina	Pagkakaroon ng maayos na imbakan ng mga langis at gasoline. Pagkakaroon ng emergency at contingency plan sa mga pagtagas ng langis at gasoline.

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

Yugto ng proyekto / Aspeto ng kapaligiran	Aspeto ng kapaligiran na maaring maapektuhan	Potensyal na epekto	Mga pagpipilian para sa pag-iwas o pagpapagaan o pagpapahusay ng epekto
			Ang grupong tutugon ay itinalaga at sinanay (emergency response team)
	Tubig - kalidad ng tubig	Ang hindi maayos na pag-asikaso sa mga basura na dulot ng pagdami ng mga trabahador ay maaring makaapekto sa kalidad ng tubig	Pagkakaroon ng maayos ng imbakan ng basura at “materials recovery facility” Maglalagay ng pangkalinisang pasilidad tulad ng portalets
	Tubig	Paglabo ng tubig dulot ng mga konstruksyon malapit sa dagat Pagkakaroon ng “nitrification” dulot ng mga basura na nakakarating sa dagat Kontaminasyon ng petrolyo dahil sa paggamit ng mga sasakyan at mga makinarya	Pagpapatupad ng mga estratehiya para patatagin ang libis bago magsimula ang konstruksyon particular ang paggalaw ng lupa (earth works) Paglalagay ng silt traps at maayos na pagiimbak ng mga materyales sa pamamagitan ng paglalagay ng mga paagusan Ang mga paagusang ito ay lalagyan ng settling pond o catch basins para maiwasan o mabawasan ang pagdaloy ng mga latak galing sa lugar ng konstruksyon Hanggat maaari, ang mga pag galaw ng lupa ay gagawin lamang sa mga panahong hindi umuulan o mababa ang posibilidad ng pag-ulan
Pagkakaroon ng sasakyang pang dagat	Tubig	Ang pagdami ng mga sasakyang pangdagat ay makakasagabal sa daanan ng mga mangingisda Ang polusyon na dulot ng langis at tubig galing sa loob ng mga barko ay maaring tingnan ng mga mangingisda bilang hadlang sa paglapit ng mga isda sa kanilang mga lugar na pinangingisdaan na malapit sa planta	Pagbubuo at pagpapatupad ng plano ng paglalayag (navigational plan) ng mga barko at local na mangingisda Kasama na sa planong ito ang mga panuntunan sa pagtatapon ng langis at maduming tubig galing sa mga barko Ang planong ito ay ipapaalam sa lahat ng mga apektado (service ships, kontratista, mga lokal na mangingisda, LGUs)
Paggamit ng mga sasakyan at makinarya		Pagkakaroon ng alikabok	Pagpapatupad ng mga limitasyon sa bilis ng pag andar ng mga sasakyan
		Paglabas ng usok mula sa mga sasakyan at makinarya	Regular na inspeksyon at emission testing ng mga sasakyan at mga makinarya

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

Yugto ng proyekto / Aspeto ng kapaligiran	Aspeto ng kapaligiran na maaring maapektuhan	Potensyal na epekto	Mga pagpipilian para sa pag-iwas o pagpapagaan o pagpapahusay ng epekto
Earthworks at pangkalahatang konstruksyon		Pagkakaroon ng ingay mula sa mga gawaing konstruksyon at paggamit ng mga sasakyan at makinarya	<p>Regular na inspeksyon at pagpapanatili (maintenance) ng mga kagamitan/makinarya</p> <p>Hanggat maari, sa araw lang ang pagpapatakbo ng mga maiingay na makinarya</p> <p>Paglalagay ng “acoustic insulation” katulad ng pagbabakod sa mga pangunahing lugar ng konstruksyon</p> <p>Pag-aabiso sa mga kalapit na komunidad kung may inaasahang pag-iistorbo (maingay na Gawain) sa gabi o alanganing oras</p> <p>Ang manggagawa sa konstruksyon ay bibigyan ng proteksyon sa ingay.</p>
Pagdagsa ng mga manggagawa	Mga tao	Kumpetisyon ng mga lokal para sa trabaho at mga mapagkukunan at mga problemang panlipunan.	<p>Prioridad sa pagtanggap ng mga kwalipikadong lokal na manggagawa</p> <p>Pangangasiwa ng workshop upang maunawaan ang mga pangangailangan at magbigay ng naaangkop na mga benepisyo sa komunidad</p> <p>Pagpapalago ng kapasidad para sa sambayanan at pamumuhunan sa mga gawaing pagpapaunlad ng pamayanan</p> <p>Regular na konsultasyon sa mga apektadong mamamayan upang magkaroon ng isang bukas na komunikasyon, tugunan ang mga alalahanin at itaguyod ang transparency (maliwanag na pamamaraan).</p> <p>na koordinasyon sa mga opisyal ng kapayapaan at kaayusan sa barangay at munisipyo upang matukoy ang mga banta at kahinaan sa komunidad</p> <p>Pagpapatupad ng mga alituntunin (code of conduct) para sa mga empleyado at kontraktor</p>
Pangkalahatang gawain sa konstruksiyon	Mga tao	Banta sa kakayanang tugunan ang mga pangunahing serbisyo (basic services)	<p>Masusing pag-aaral sa mga magagamit na imprastruktura (sa koordinasyon sa LGU), mga serbisyo at mga kagamitan sa loob ng apektadong barangay at magbigay ng naaangkop na diskarte sa pamamahala upang mabawasan ang mga potensyal na paghina ng kakayanan sa pagtugon sa mga lokal na imprastruktura at serbisyo.</p> <p>Ang mga materyales at iab pang kagamitan pang konstruksyon ay idadaan sa daungan ng Merbau Corp upang maiwasan ang pagsikip ng mga pampublikong kalsada</p> <p>Ilagay ang mga karatulang pang trakipo ay dapat na nakalagay sa mga lugar na madaling makita</p>

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

Yugto ng proyekto / Aspeto ng kapaligiran	Aspeto ng kapaligiran na maaring maapektuhan	Potensyal na epekto	Mga pagpipilian para sa pag-iwas o pagpapagaan o pagpapahusay ng epekto
Pagkilos ng mga sasakyan	Mga tao	Ang mga gawaing pang konstruksyon ay maaaring magdulot ng pagsikip sa trapiko at posibilidad ng mga aksidente	Pagpapatupad ng pangangasiwa sa trapiko, koordinasyon kasama ang LGUs, na kung saan ay isasama ang pagkakabit ng mga babala sa trapiko (ibig sabihin, traffic lights, pagmamarka sa mga semento, tawiran ng mga tao, linya sa kalye, palatandaan sa trapiko, tamang babaan at sakayan) Paglimita sa bilis ng sasakyan, paglimita sa bigat na posibleng isakay ng mga sasakyan; pangangalaga sa sasakyan at paggamit ng seatbelt Pangangasiwa ng IEC upang maipabatid ang epekto ng trapiko at pamamahala ng pagpapalano para sa komunidad.
Pag-unlad ng proyekto	Mga tao	Pagbuo ng mga lokal na mga benepisyo mula sa proyekto	Pagpapatupad ng SDP Regular na konsultasyon sa mga apektadong mamamayan upang matiyak pagpapanatili at tagumpay ng SDP Prioridad sa pagkuha ng mga kwalipikadong lokal na Mga programa sa pagsasanay ay maaaring ibigay o suportado upang mapabuti ang mga kasanayan ng trabaho na puwersa mula sa komunidad at maging karapat-dapat ang mga ito para sa anumang mga pagkakataon sa trabaho sa iba pang mga proyekto sa ibang lugar.
OPERATION PHASE			
Mga aktibidad ng karaniwang operasyon	Lupa	Pagbabago sa kalidad ng lupa	Pagpapatupag ng wastong paglalagay ng basura sa lagayan at imbakan ng kemikal (chemical storage) Pagpapatupad ng mga kondisyong nakasaad sa environmental management Ang programa/plano tungkol sa paghawak ng chemical ay dapat na nai-balangkas at handa upang masuri, makaiwas at kontrolin ang mga kontaminasyon
	upa	Pagguho ng lupa	Iwasan ang mga hindi kinakailangang paghahawan (clearing) Pagpapatulad ng pagpapatatag sa kritikal na dahilig, proteksyon at panunumbalik ng pananim
	ubig	Kompetition sa paggamit ng tubig - walang inaasahang epekto	Ang pagkakaroon ng "" upang tumugon sa tubig na kakailanganin ng proyekto. Ang inuman ng tubig at local na tustusan ng tubig sa proyektong ito ay galing sa mga umiiral na mga balon at mga hugnayang petrochemical.

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

Yugto ng proyekto / Aspeto ng kapaligiran	Aspeto ng kapaligiran na maaring maapektuhan	Potensyal na epekto	Mga pagpipilian para sa pag-iwas o pagpapagaan o pagpapahusay ng epekto
Naglalabas ng mainit na tubig mula sa cooling system	Tubig	Naglalabas ng mainit na tubig mula sa cooling system na makakaapekto sa mga organismong pandagat	Tinitiyak ng Merbau Corp na angng labasan ng tubig ay pinananatiling ng katanggap-tanggap na limitasyon ng delta 3 degrees Celsius sa pamamagitan ng paggamit ng mga "heat exchangers". Ang labasan ng tubig ay matatagpuan na malayo mula sa "coastal marine ecosystem" (eg coral reef), at sa isang lugar na kung saan ang pinakamainam na paghahalo ay nangyayari para sa isang mabilis at mahusay na pagkawala ng pinainit na tubig.
Mga aktibidad ng karaniwang operasyon	ubig	Ang pagtapon ng langis at kemikal ay maaaring makaapekto sa kalidad ng tubig at ng mga kalapit na mga katawan ng tubig	Ang probisyon ng pangalawang containment sa paghawak, pagpapanatili at imbakan ng mga kemikal at langis Pagtatatag ng pamamaraan para sa hindi inaasahang pangyayari bilang tugon sa mga kasong pagligwak ng langis o kemikal spill.
Operasyon ng "ash pond"	Tubig	Posibleng kontaminasyon ng katabing katawan ng tubig mula sa tagas mula sa "ash pond leachate"	Ang ash pond ay magkakaroon ng isang hindi malalampasang clay base na mga 400 mm minimum na lalim at wall lining ng HDPE Ang "ash" ay pinatuyo sa pamamagitan ng pagbalot sa PVC pipe at pinatuyo sa "settling basin", na gumamit ng "reinforced concrete".
Paglilipat ng coal (transfer)	ubig	Ang maliliit na butil ng coal ay maaaring mapunta sa katawang tubig sa panahon ng paglilipat ng produkto mula sa serbisyo ng mga barko sa land-based na pasilidad.	Ang "" ay may disenyong nakasara (enclosed) Sa paglipat ng , ang sistema ay awtomatikong pinapatakbo upang maiwasang makalabas ang alikabok. y nakalaan para sa "" at ang sistemang mag-aapula sa maaring pagmulan ng apoy ay nakapwesto para sa ibat ibang bahagi ng .
Paglikha ng wastewater	ubig	Ang tubig na may langis (oilat dumi mula sa alkantarilya (sewage) na maaring magresulta dahil sa operasyon ng proyekto.	Pagkakaroon ng wastewater treatment facility, kabilang na ang oil-water separator, chemical treatment at sanitary treatment plants ay titiyak na ang wastewater discharges ay naayon sa DENR Effluent Standards. Pagkakaroon ng drainage plan na angkop sa ibat ibang uri ng wastewater treatment. Ang treated wastewater ay kokolektahin sa pamamagitan ng settling basin, irecycle o gagamitin muli, o kaya ay itatapon.
Lakas-tao mula sa operasyon	ubig	Ang mga basurang buo at dumi sa alkantarilya mula sa mga tao	Ang imbakan at material recovery facility ay itinayo para sa tamang pangangasiwa at pagbubukod at ang sistema sa pamamahala ng basura ay ipinapatupad.

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

Yugto ng proyekto / Aspeto ng kapaligiran	Aspeto ng kapaligiran na maaring maapektuhan	Potensyal na epekto	Mga pagpipilian para sa pag-iwas o pagpapagaan o pagpapahusay ng epekto
Paggamit ng cooling water	Tubig	Pinsala sa isda (e at sa iba pang mga mas malaking organismong mula sa dagat	<p>Ang “intake ay matatagpuan na malayo mula sa lugar ng coral reef.</p> <p>Ang structure ay magkakaroon ng disensyo na may mababang daloy at may filter system na naglalayon bawasan ang pinsala sa mga isda at iba pang organismong pandagat.</p> <p>Ito ay magkakaroon ng bar screen na pipigil sa pagpasok ng mga malalaking organismo at mga travel screen na may mas maliit na sukat na ang karamihan sa macro organismo ay hindi maaaring makalusot.</p> <p>Ang submergeday nakakabit sa paligid ng intake para higit pang ibukod ang motile organisms.</p> <p>Ang pagsasanay ng mga tauhan sa pamamaraan ng pagliligtas ay gagawin para sa pagpapahalaga sa organismong pandagat.</p>
	ubig	Ang c	<p>Upang mabawi ang epekto, ang Merbau Corp ay patuloy na sumusuporta upang ipinalat ang mga “artificial reefs” sa paligid ng power plant.</p> <p>Ang pagsubaybay sa kalidad ng tubig pandagat at ng mga komunidad na nabubuhay sa tubig, kabilang sa mga artipisyal na reef, ay isinagawa ng Merbau Corp upang magbigay ng hudyat sa pang-matagalang epekto ng operasyon ng planta.</p>
Pagkilos ng sasakyang pandagat	Tubig	Ang mga barko ay maaari ding magdiskarga o tumagas na tubig at langis sa panahon ng operasyon ng paglilipat ng coal na makakaapekto sa kalidad ng tubig	Ang tumagas na tubig na galing sa paglilipat at serbisyo ng mga barko ay sinusubaybayan at ang tamang panuntunan sa pagtapon ang basura ay itinatag at ipinapatupad.
	Tubig	Maaring epekto sa pangisdaan dahil sa mga gawain na may kinalaman sa proyekto sa lugar na malapit sa pangpang	Pagpapatupad plano para sa malayang pagdaloy ng sasakyang pandagat ng lokal na mangingisda. Ang nparokyano ng proyekto katulad ng service ships, kontratista, mga lokal na mangingisda, lokal na pamahalaan
			<p>Ang pagamit ng CFBC ay nagbibigay din ng daan para sa pagbabawas ng SOx emission sa pamamagitan pag gamit ng limestone upang maihiwalay ang asupre (suphur) sa coalPaglalagay ng electrostatic precipitators para sa koleksyon ng mga alikabok (suspended particulate matter) sa flue gas bago ito lumabas sa stack, kung saan nababawasan ang dami ng fly ash na maaring lumabas sa stack alinsunod sa limitasyon ng DENR.</p>

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

Yugto ng proyekto / Aspeto ng kapaligiran	Aspeto ng kapaligiran na maaring maapektuhan	Potensyal na epekto	Mga pagpipilian para sa pag-iwas o pagpapagaan o pagpapahusay ng epekto
			Upang maiwasan ang re-suspensyon ng alikabok mula sa coal, gagamit ng conveyors na may takip at ang proyekto.
)		Ang pagdami ng sasakyan dahil sa operasyon ng proyekto ay maaring magdulot ng karagdagang pagsikip ng daloy ng trapiko at may roon din posibilidad ng aksidente sa kalsada at pagbabara ng daanan.	Pagtatalaga ng lugar kung saan maaring maghintay ang mga pasahero ng sasakyang ginagamit ng proyekto (service vehicles). Ang mga driver ng truck ay kailangang pumasa sa mga kinakailangan sa accreditation at sasailalim sa mahigpit na pamantayan sa kaligtasan. Merbau Corp ay may kasalukuyang proyekto kasama ang local na pamahalaan sa barangay na nagtatalaga ng traffic aide sa kahabaan ng Pinamucan, partikular sa masisikip na daanan papalapit sa tulay.
Mga aktibidad ng karaniwang operasyon ()		Potensyal na epekto sa kalusugan at kaligtasan ng publiko dahil sa mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Alikabok at iba pang mga air emissions • Tubig at iba pang pollutants dahil sa hindi tamang pagtatapon ng basura • Kaligtasan sa daan lalo na sa paghahatid ng mga materyales at transportasyon ng mga manggagawa • Pagtaas ng populasyon na maaring magdulot ng hindi sapat na kapasidad ng mga pasilidad pang kalusugan (health facilities) at posibilidad ng pagdami ng bilang ng may nakakahawang sakit. 	Pagkontrol sa alikabok at pagpapatupad ng regular na inspeksyon upang maiwasan ang alikabok at mga kaugnay na emissions. Ang mga kagamitan (heavy equipment) at mga sasakyan ay susunod sa panuntunan ng DENR patungkol sa emission at pagsasagawa ng regular na engine maintenance check upang maiwasan ang nakasasama usok mula sa mga ito. Paglalagay ng sediment control device (katulad ng silt traps), sanitary toilet facility ay constructed, at maayos na pamamahala ng solid waste pati na rin ng langis at grasa. Pagpapatupad ng traffic management plan upang maiwasan ang mga aksidente sa kalsada. Paglalagay ng pollution control upang maiwasan ang nakasasamang epekto ng proyekto. Kabilang dito ang paggamit ng mga coal na may mababang-asupre (sulphur), paggamit ng limestone, ang paggamit ng electrostatic precipitator at wet scrubbers, at pag-install ng mga kagamitan para wastewater treatment. Kasama ng lokal na pamahalaan, ang Merbau Corp ay may layong palakasin ang pagsubaybay ng sakit pati narin pagpapalakas sa apasidad ng pagtugon at pagamot. Programang pangkalusugan ay isasagawa sa pamamagitan ng corporate social responsibilities (CSR) ng Merbau Corp pati narin ng mga programa sa ilalim ng ER 1-94 katulad ng pagpapalakas ng kakayahan ng health workers tugunan ang nakapipinsalang sakit at suporta para sa pasilidad na tumutugon sa kapakanan ng public health

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

Yugto ng proyekto / Aspeto ng kapaligiran	Aspeto ng kapaligiran na maaring maapektuhan	Potensyal na epekto	Mga pagpipilian para sa pag-iwas o pagpapagaan o pagpapahusay ng epekto
			<p>Upang maiwasan ang maaring maging epekto ng pagdami ng manggawa mula sa ibang lugar (in-migrant workers), ipapatupad ang mga sumusunod na hakbang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Bibigyan ng karapatang mauna (priority) ang pagkua ng kwalipikadong lokal na mangagawa • Programang pang kalusugan • Pagsasanay at pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa nakakahawang sakit • Workforce health screening program at iba pang programang may kinalaman sa kalusugan

DRAFT

This document is in draft form. The contents, including any opinions, conclusions or recommendations contained in, or which may be implied from, this draft document must not be relied upon. GHD reserves the right, at any time, without notice, to modify or retract any part or all of the draft document. To the maximum extent permitted by law, GHD disclaims any responsibility or liability arising from or in connection with this draft document.

1.5 Mga natukoy na stakeholder o parokyano

Ang pangunahing lugar na maapektuhan ng proyekto ay inaasahang makakasama ang ipinanukalang footprint ng planta na nasa nasasakupan ng Magellan. Kabilang din sa mga lugar na direktang maapektuhan ng proyekto ay ang mga lugar na natukoy na kabilang sa sakop ng air dispersion at thermal plume modelling. Bukod pa rito, direktang maapektuhan rin ng proyekto ang mga lugar na pagtatayuan ng istruktura ng intake para sa tubig dagat at outfall para sa effluent (gamit na tubig or prosesong tubig). Para sa mga pasilidad na malayo sa pampang, iminumungkahi na magkaroon ng permanente at pansamantalang pagbubukod ng pook. Para sa permanenteng pagbubukod ng pook (zone), may sukat na 300 metrong radius ang kinakailangan simula sa daungan sa jetty. At para naman sa pansamantalang pook na ibubukod, 500 metrong radius ang kinakailangan simula sadaungan sa jetty.

Ang lugar kung saan nakatayo ang mga bahay sa Sitio Soriano ay napapabilang rin sa mga lugar na maapektuhan ng proyekto. Nakasaad sa EIA ang mga paraan o suhestiyon tungkol sa pagkakaroon ng tirahan sa Sitio Soriano.

Ang mga iba pang lugar na posibleng maapektuhan ng proyekto (indirect impact areas) ay ang mga sumusunod:

- Mga kalapit na komunidad at daanan sa Barangay Simlong and Pinamucan dahil sa posibleng ingay at traffic na maidudulot ng proyekto.
- Mga kalapit na baybayin at mga lugar na offshore dahil sa thermal discharge at istruktura ng planta tulad ng jetty na kung saan pagdadaungan ng coal.
- Mga parte ng dagat na posibleng daanan (navigational marine water) dahil sa paghahatid ng coal
- Lokal na airshed dahil sa sa mga emisyon ng hangin at ang mga epekto ng ingay—ang lawak ng epekto nito ay natutukoy sa modelling na inihanda sa EIS.

Batay sa pagaaral ng magiging epekto ng proyekto sa kalikasan (EIA), ang mga lugar na posibleng maapektuhan ng konstruksyon at operasyon ng proyekto ay nasa loob lamang ng dalawang kilometrong lugar natukoy (buffer zone).

Mula sa mga diskusyon na nabanggit, maaaring isaalang-alang na ang mga sumusunod ay ang mga stakeholder ng proyekto:

- Mga residente ng Sitio Soriano
- Mga residente na matatagpuan malapit sa lugar ng ipinanukalang proyekto sa Pinamucan Ibaba at sa ilang mga residente ng Barangay Simlong
- Mga mangingisdang gumagamit ng ipinanukalang mga pasilidad at kagamitan para sa paglalakbay sa dagat

1.6 Garantiya at kakayahan ng Merbau Corp upang ipatupad ang mga kinakailangang hakbang upang maiwasan ang mga negatibong epekto ng proyekto (Project proponent 's commitment and capability to implement necessary measures to prevent adverse impacts)

Ang mga posibleng epekto ng proyekto ay pamamahalaan alinsunod sa tinukoy na panganib (risk) at sa antas ng kanilang epekto (risk ranking). Ang angkop na plano (management plans) ay bubuoin at ipapatupad, kasama dito ang pamamahala ng basura at spill response plan sa panahon na may pagtagas ng langis o pag apaw ng coal at iba pa. Magkakaroon din ng

Environmental Management Unit upang matiyak ang pagsunod sa mga regulasyon sa na sinasaad ng batas at ipatupad ang environmental management ng proyekto ayon sa EIS na ito.

Bilang bahagi ng Corporate Governance ng Merbau Corp, ang kumpanya at magpapatupad ng kanilang mga proyekto na ayon patakaran ng Stakeholder Health, Safety and Welfare.

“The company is committed to undertake all reasonable steps to ensure the health, safety and welfare for the best interest of our stakeholders and the communities where we live and work by complying with the provisions of law, industry rules and regulations, standards of independent accreditation bodies where the Company obtained accreditation and contractual obligations.”

Sa ilalim ng patakarang ito, ang kumpanya ay naglalayon na ipatupad ang mga hakbang upang matiyak ang maayos na kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng komunidad kung saan naroon ang mga proyekto ng Merbau Corp. Ang mga patakaran ay magiging ayon sa batas, sa panuntunan ng industriya at iba pang may kinalamang regulasyon.

Ang patakarang ito ay naglalayong:

1. Magbigay ng gabay upang matiyak ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng mga manggawa at mamamayang nasa paligid ng Kumpanya.
2. Tukuyin ang mga responsibilidad at pananagutan ng bawat tauhan at departamento sa organisasyon upang matiyak ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng mga stakeholder.
3. Pagsama ng mga alituntuning pangkalusugan at pangkaligtasan sa lahat ng mga aktibidad upang matiyak ang kahusayan at kalidad ng mga produkto at serbisyo.

Ang patakaran ay tumutukoy sa gabay na alituntunin at responsibilidad para sa pamamahala ng kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng mga stakeholder ng kumpanya kabilang ang mga subsidiary at kaakibat nito. Ang patakarang ito ay nagbibigay rin ng mga gabay para sa 2x150MW coal fired power project upang ipatupad ang naaangkop na hakbang upang maiwasan ang mga masamang epekto ng proyekto.

1.7 Impormasyon sa kung saan maaring makakuha ng kopya ng EIS para sa karagdagang impormasyon

Ang draft EIS at ang ESP na ito ay ilalathala sa EMB website (www.emb.gov.ph) nang hindi bababa sa 20 araw bago ang public hearing. Sa pagtatapos ng pagsusuri, isang kopya ng pinal na EIS ay isusumite sa mga sumusunod na ahensya ng gobyerno:

Ahensiya	Address
DENR - EMB	DENR Compound, Visayas Avenue, Diliman, 1100 Quezon City, Pilipinas
Department of Energy	Department of Energy, 2F PNOG Building V, Energy Center, Rizal Drive, ika-34 St, Taguig, 1632 Metro Manila
Provincial Government of Batangas	2nd Floor Provincial Capitol Building Batangas City 4200
City office Batangas	Batangas City Hall, P. Burgos, Batangas City, Batangas
Barangay Pinamucan Ibaba	Pinamukan Ibaba Barangay Hall Pinamucan Road, Batangas City, 4200

Ang tanggapan ng Merbau Corp sa 42 Floor Robinson Equitable Tower, ADB, Avenue, Ortigas ay magkakaroon din ng kopya ng pinal na EIS.

DRAFT

GHD

11/F Alphaland Southgate Tower, Chino Roces Ave.
Makati City, Metro Manila
T: +63 2 479 5600 F: +63 2 479 5601 E: mnlmail@ghd.com.au

© GHD 2017

This document is and shall remain the property of GHD. The document may only be used for the purpose for which it was commissioned and in accordance with the Terms of Engagement for the commission. Unauthorised use of this document in any form whatsoever is prohibited.

[https://ghdnet-my.sharepoint.com/personal/cassiophiea_madid_ghd_com/Documents/ESP in filipino/59608.docx](https://ghdnet-my.sharepoint.com/personal/cassiophiea_madid_ghd_com/Documents/ESP%20in%20filipino/59608.docx)

Document Status

Revision	Author	Reviewer		Approved for Issue		
		Name	Signature	Name	Signature	Date
Draft A	C Frayna M Abellera	P Madid		M Ana		21- Hunyo- 2017

www.ghd.com

